
# MGA TAGUBILIN SA PAG-SWAB SA SARILI

## PARA SA RAPID ANTIGEN TEST NG ABBOT PANBIO

### HUWAG MAGPATULOY KUNG:



Nakaranas ka ng pagdurugo ng ilong sa loob ng nakalipas na **24 na oras**



Sumailalim ka sa operasyon sa ilong sa nakalipas na **4 na linggo**



Nagtamo ka ng pinsala sa mukha sa nakalipas na **8 linggo**

## PAMAMARAAN NG PAG-SWAB


1. Pakilinis ang iyong mga kamay bago simulan ang pagsusuri.



2. Bago simulan ang pagsusuri, maglabas ng isang swab stick, isang test device, isang buffer bottle, at isang extraction tube. Ilabas ang test device sa pakete nito.




3. Alisin ang takip ng buffer bottle. Hawakan ang buffer bottle nang patayo at lagyan ng buffer fluid ang extraction tube hanggang sa umabot ito sa linyang dapat punuin sa extraction tube.




4. Alisin ang swab stick sa pakete.



5. Ipasok ang swab stick sa butas ng ilong (~2cm) habang dahan-dahan itong iniikot. Iikot ang stick nang 5 beses.





6. Ulitin ito para sa isa pang butas ng ilong gamit ang parehong swab.





7. Iikot ang dulo ng swab sa buffer fluid sa mga gilid ng extraction tube nang hindi bababa sa 5 beses.



8. Pisilin ang reagent tube habang tinatanggal ang swab.



9. Baliin ang swab sa breakpoint at iiwan ang swab sa tube. Isara ang takip ng extraction tube.




10. Gamitin ang iyong daliri upang dahan-dahang tapikin ang gilid ng tube nang ilang beses. Makakatulong itong haluin ang solution.



11. Buksan ang nozzle cap sa ilalim ng extraction tube.




12. Magpiga ng 5 patak ng solution sa specimen well sa test device. Isara ang nozzle cap kapag tapos ka na.



13. Maghintay nang 15 minuto bago tingnan ang mga resulta sa test cartridge. Ilagay ang cartridge sa patag na lugar habang ginagawa ito.

15 min



14. Basahin ang mga resulta sa test cartridge. **Kung may makikita kang linya na lumalabas sa posisyon ng "C" at "T" , nagsasaad ito ng positibong pagsusuri. Humingi ng medikal na pangangalaga para sa karagdagang pagsusuri at pangkumpirmang pagsusuri.**

**Kung may makikita kang linya na lumalabas lang sa posisyon ng "C"**, nagsasaad ito ng negatibong pagsusuri.

**Kung may makikita kang linya na lumalabas lang sa Posisyon ng "T", invalid** , invalid ang pagsusuri. Pakiulit ang pagsusuri sa isa pang test kit.

15. Itapon ang lahat ng nagamit na swab stick, reagent tube, at test cartridge sa biohazard bag.



16. Linisin ang iyong mga kamay pagkatapos ng pagsusuri.



